

Chapter One

Unang pumukaw sa bahagyang inaantok pa na kamalayan ni Georgianna Nacpil ang maingay pero masasayang sipol ng hindi niya mawari kung ilan at kung anu-anong uri ng mga ibon. Pagkatapos ay nadama niya ang banayad at maligamgam na haplos ng umaga sa kanyang balat.

Eyes still closed, nag-inat siya at umikot mula sa pagkakadapa. Bahagyang umalon ang hinihigaang kutson sa pagkilos niya hanggang makatihaya siya. She wiggled her toes to feel the feathery comforter covering her and the mattress beneath. Saka siya nagmulat at kumurap-kurap para sanayin ang mga mata sa liwanag na nagmumula sa bintana.

Masigla siyang bumangon at saka tumungo sa pinanggagalingan ng liwanag. Lumawak ang ngiti ni Georgianna sa natanaw. Makulay at hitik ang hardin sa mga halamang namumukadkad sa bagong sibol na mga bulaklak. Dumungaw siya at sinamyo ang hanging hitik din sa bango.

Buon giorno, Verona! masayang bati niya sa paligid bago binati ang sarili sa pagtanggap, finally, sa ipinipilit sa kanya ng boss na gamitin ang vacation leave.

Sino ba naman ang magsisisi sa pag-iwan sa santambak



na trabaho kung ganito ang kapalit? Kahit ba sa mahigit na limang taong walang break na trabaho bilang Information Officer ng *Department of Foreign Affairs* na kalakip ang travel opportunity sa job description, iba pa rin pala talaga ang ganitong totooanang walang ibang iniintindi kundi ang sarili.

Pakanta-kanta siyang tumalikod mula sa tanawin at saka naghanda para lumabas. Presko ang inaasahang timpla ng panahon nang araw na iyon kaya matapos sa kanyang bathroom routine, pinili niyang magsuot ng pale yellow sleeveless maxi dress na may pastel flower prints. Nude strappy wedges ang isinuot ni Georgianna sa mga paa para i-display ang bright red polish ng bagong pedicure na mga kuko. Nag-spray siya ng paboritong *Victoria's Secret* vanilla scent at matapos siguruhing kompleto ang laman ng bag, nanaog siya para simulan ang araw.

"*Buon giorno, signorina,*" nakangiting bati kay Georgianna ng may-edad na lalaking nakilala niya nang nakaraang gabi bilang proprietor cum front desk attendant ng hotel.

"*Buon giorno, signore Fabian.*" Gumanti siya ng ngiti bago iabot dito ang kamay. "*Come stai?*"

"Ah, *bensi.*" Inabot nito ang kanyang palad at pinisil bago dinala sa mga labi.

Napahagikgik siya. Dahil hindi siya sanay na nahahagkan ang kamay, she found it really charming.

"You slept well?"

"Si," tango ni Georgianna. "My room is lovely."

"I am glad." Tinapik-tapik nito ang kamay niyang hawak pa rin nito. "You wish to eat now?"

"Si!" Itinuro niya ang puwestong gusto niya. "Can I

have breakfast there?"

"Sicuramente." Marahan siya nitong itinulak patungong direksyon niyon. "Few minutes, eh? I will bring your tray."

"Grazie mille." Kumaway siya bago ito talikuran.

She settled happily bago inilabas mula sa bag ang *Samsung Galaxy Note*. Nag-email siya sa kanyang mga magulang habang naghihintay maisilbi ang agahan. Ia-update lang niya ang mga ito sa kalagayan niya lalo at hindi niya naabisuhan ang mga ito nang nakaraang gabi. Agad na kasi siyang nakatulog dala ng pagod sa mahabang biyahe.

Eksaktong napindot niya ang 'send' button nang mag-alert ang *Viber* application ng aparato.

"How's my byahera friend?" basa niya sa mensahe.

Walter! excited na type niya sa pangalan ng best friend sa 'reply' field. *Am about to have breakfast in this lovely lovely little B & B na parang malaking bahay lang na may magandang-magandang garden.*

Ikaw na, sagot nito. Luma-lifestyle lang ang peg ng sister ko.

Bahagyang nangunot ang noo ni Georgianna kasabay ng panunulis ng nguso. *Sino ba kasi ang last minute na nag-backout sa bakasyong ito? Ngayon nga lang sana tayo ulit magkasamang makakapag-out of the country.*

Nasa kolehiyo sila nang maging mag-best friend nito kahit pa magkaklase na sila mula pa high school. Kolehiyo rin nang magsimula siyang makatikim ng bakasyon sa labas ng bansa nang hindi kasama ang pamilya. Si Walter ang naging constant travel buddy niya, na natigil nang kapwa na sila nagtatrabaho.

Oo na nga, tanggap nito. Istorbo talaga ang trabaho sa lamyerda, eh. In fairness, naiinggit ako nang bongga.



In Fairview, nami-miss kita. Wish you're here.

Gagah. Nai-imagine niya itong nanlalaki ang mga mata. *In Fairview ka diyan, you're in fair Verona, mare.*

Napahagalpak siya ng tawa bago luminga dahil baka may nakarinig at maisip na napo-possess siya.

Bruha ka, buti na lang walang ibang tao dito.
Nakakahiyang nagtatawa ako dito mag-isa.

Animated emoticon na humahalakhak ang sagot nito.
Eh, nasa Verona ka naman talaga.

Oo na, nasulyapan niya si Fabian na papalapit, may dalang tray. Oi, sige na. Breakfast is here. Ciao, amico. I'll keep you posted.

Go, tugon nito. Bedtime na din for me. Be good. If you can't be good, be careful. Bwahahaha.

Umiling-iling lang si Georgianna bago nag-log out sa lahat ng social networking sites at email accounts niya dahil baka ma-tempt siyang magtrabaho. Pangako niya sa sarili at kay Walter na tuwing gabi niya lang bubuksan iyon para lang ipaalam sa mga nasa Pilipinas na okay lang siya.

Pinindot niya ang screen lock at isinilid muli ang aparato sa kanyang bag. Saka siya nag-angat ng tingin sa paparating na taga-silbi.

"You are the owner, the receptionist and also the waiter?" aliw niyang sabi.

"Who else?" kubit nito bago ilapag ang bitbit sa mesa.
"We do things ourselves. We like it that way."

"That's wonderful, I think," she affirmed, bago sinamyo ang kanyang kakainin na inihahain sa harap niya. "Smells so delicious! Thank you."

"*Buon appetito!*" anito at matapos siya ngitian, iniwan na siya ng lalaki.

May ngiti sa mga labing inabot niya ang tasa ng cappuccino. Nakapikit pa siyang sininghot ang bango niyon bago sumimsim nang ilang lagok.

“Yum!” sambit ng dalaga pagkalapag niyon.

Idinaan niya ang dila sa ibabaw ng labi para alisin ang foam na dumikit doon. Saka siya pumirasong tinapay para pahiran ng kaunting butter at jam.

Tahimik siyang kumain habang binabasa ang biniling kopya ng *Lonely Planet*. Pagpaplanuhan niya ang mga papasyalan niya ng susunod na sampung araw. Maliit na lugar ang Verona at hindi rin ganoon karami ang identify sa libro na must-see doon. Kung wala naman siyang balak tumawid ng ibang siyudad, she can actually spend a day at each spot. Tipong relax lang na klase ng pamamasyal. Lovely!

Ini-enjoy niya ang ikalawang tasa ng cappuccino nang maramdaman niyang tila hindi siya nag-iisa. Alam niya ang ganoong pakiramdam. Iyong may nag-oobserba sa kanya. Slowly fluttering her eyelids closed, inilapag ni Georgianna sa kandungan ang babasahin at saka maingat at marahang tumunghay.

Tama siya. Bahagya niyang napansin ang naririnig na mga boses kanina lang dahil masyado siyang absorbed sa binabasa. Mabuti na lang din at pinalagpas niya iyon dahil kung hindi, malamang naging props lang niya ang travel guide dahil wala siyang naintindihan doon.

He was lounging in his chair, a thin lock of blonde, wavy hair carelessly falling over his eyes. Walang kahit anong tatak ang t-shirt nitong puti na medyo maluwang, pero halata ang matipunong katawan nito sa ilalim ng malambot na tela. Nakalatag sa ilalim ng mesa ang



mahahabang binti nitong balot ng faded denims. *Puma* ang suot nitong itim na sneakers.

Hula ni Georgianna, Amerikano ang lalaki. Puwede ring mula sa ibang bahagi ng Europa. Pero saan mang lupalop ito nagmula, all she knew, all she saw that moment were his eyes so blue and so intense, she might as well have been looking at the depths of the sea and all its mystery. Tulad ng kulay ng kumukulot nitong buhok, dark blonde ang makakapal na pilik nitong tumatabing nang bahagya sa matamang pagtitig nito.

Madilim ang panga nito na tila ilang araw nang hindi nakapag-ahit. Mas gusto niya ang lalaking malinis, but this guy made her change her mind. Sinadya siguro nitong panatilihin ang stubbles para lalong tumingkad ang natural na pagkarosas ng mga labi nitong wari niya ay nilikha para makapang-akit sa saglit na umangat iyon sa isang ngiti. Kung tama ang ini-imagine niya, malamang masarap din itong humalik.

Napalunok si Georgianna. Pinagpawisan siyang bigla. The guy was hot! Sizzling. Matatawag siyang tanga kung palalagpasin niyang makilala ito. Alam niyang napuna na rin siya ni Mr. Hotness pero mahirap tantyahan kung lalapitan ba siya nito o anuman. Baka kailangan ng kaunting encouragement.

Humunga muna siya nang malalim para palakasin ang loob. She'd never made the first move before. Sanay kasi siyang nalalapitan at desisyon niya kung gusto niyang i-entertain o hindi. This time, gagamitin niya ang technique na minsa'y ibinahagi na sa kanya ni Walter. Pasimpleng paraan para ipakita ang interes sa isang guwapong nilalang nang hindi tahasang nagpapakita ng kalandian.

Una, direct your gaze in his direction. Medyo lihis dapat na tipong mapapaisip ito kung dito ka nakatitig o kung may nakikita kang iba sa gawing likuran nito. Pagkatapos, unti-unti kang ngumiti. Maliit na maliit lang as if may naalala kang masayang pangyayari sa nakaraan mo na walang kinalaman ang pinagpapa-cute-an mo. Saka mo hulihin nang derecho ang tingin nito nang mabilis na mabilis bago ka marahang mag-iwas ng mga mata.

It seemed to work. Binuklat na niyang muli ang babasahin nang marinig niyang gumasgas sa sahig ang paa ng upuan nito. Sinundan iyon ng tunog ng mga yabag na papalapit sa kanya. Saglit pa, natatakpan na si Georgianna ng anino nito sa pagkakatayo sa harap niya, at nabalot siya ng samyo ng lalaki. Hindi matapang ang amoy na iyon. Presko lang, actually. Amoy ng lalaking bagong paligo at nag-spray ng *Davidoff Cool Water*.

“Good morning.” His deep baritone voice resonated.

Oo nga, Amerikano ito. Malinaw ang dinig niya sa twang. At pasalamat siyang nakaupo siya dahil kung hindi, tumimbuwang na siya sa biglang panghihina ng kanyang mga tuhod. God! His presence was just plain overwhelming!

“Good morning.” Gumanti siya ng ngiti.

“I don’t mean to sound too forward but are you the one in Room Two?”

“Yes.” Nangalumbaba si Georgianna.

“I heard you singing earlier.” Kaswal nitong itinukod ang mga palad sa sandalan ng upuang nasa harap nito para makadukwang nang mas malapit sa kaniya.

“Oh.” Namilog ang kanyang bibig. “I hope it didn’t bother you. I have a habit of singing in the shower.”



Ngumiti ito. Malawak. Tipong nangingislap pa pati mga mata. Tumalon yata hanggang lalamunan ang puso niya. Tama ba naman iyon? Dapat may batas laban sa mga ganoong ngiting nakaka-heart attack.

“Not at all,” iling nito. “I just thought I recognized the song. I hadn’t heard it in a while.”

Weh? Tagalog kaya iyong kinakanta niya bukod pa sa may kalumaan na. *Sana Maulit Muli*, to be exact.

“How you could have understood the song?”

“I visited the Philippines some years ago, that’s how I first heard the song,” kibit nito. “I also guessed by the quality of your voice that you’re from there.”

Impressive. Hindi naman sa iniisip niyang echosero ang kausap sa pagbibigay nito ng compliment. Or at least, *ina-assume* niyang compliment iyon. Alam ni Georgianna na magaling siyang kumanta. She wasn’t singer-celebrity material but she could hold her own.

“Heard that song... I don’t remember who sang it at a gathering I attended,” patuloy ng estranghero. “But an acquaintance translated the lyrics for me. It’s lovely even if it’s sad. You sing it well, too.”

“Thank you,” kumukurap niyang sabi at saka iniabot ang kamay rito. “Anna.”

Walang tumatawag sa kanya ng ‘Anna.’ Georgianna, George, Gianna, or in extreme cases, Nacpil, ang tawag sa kanya ng pamilya at mga kaibigan. Pero sa ngayon, nagdesisyon siyang siya muna si Anna.

“Connor.” Tinanggap nito ang pakikipagkamay niya.

Mainit ang kamay nito at madaling nasakop niyon ang maliit niyang palad. May gaspang siyang nasasalat doon at inisip niyang dahil iyon sa pagkakasanay nito sa manual



labor. Ano kaya ang trabaho ng lalaki? Taga-saan kaya talaga ito? Nakabakasyon din kaya ito tulad niya? Or was he here on business?

Anuman ang naiisip pa niyang katanungan, may isang bagay, isang pakiramdam siyang hindi maaaring palampasin. May init na gumagapang mula sa kamay nito at humahaplos iyon hanggang sa kanyang puso. At parang ayaw na din nilang pawalan ang isa't isa.

Chemistry? Ewan ni Georgianna. Ang pagkakaalam niya sa chemistry, sa laboratoryo iyon ginagawa.

"I'm sorry, I'm being intrusive." Marahan na nitong binawi ang kamay kahit nagtagal pa ang pagkakapisil nito sa kanyang mga daliri. "You're having breakfast..."

"Oh, no no..." sabad niya at saka itinabi ang mga plato at tasa na pinagkakainan niya. "Sorry, I'm the one being rude. I should have invited you to join me. There's room enough for both of us."

Hindi ito agad tuminag. Nanatili lang na nakatitig sa kanya habang may maliit na ngiting naglalaro sa mga labi. Sinalubong lang ni Georgianna ang titig na iyon hanggang sa napansin niyang lumipat ang focus ng mga mata ng lalaki sa kanyang mga labi.

May ilang paraan ng pagtugon siyang nalalaman pinakauna na ang mag-angat ng kilay at magtaray. Pero ewan niya kung bakit ang napili niyang gawin ay iyong medyo unconventional. Kakayanin ba niya ang larong iyon?

"*Malapit ka nang mawala sa kalendaryo, bakla, baka maglangib na 'yan,*" tukoy ni Walter sa kanyang privates kung kaya natampal niya ito nang matindi sa bisig na hindi naman nito ininda. "*Sumimple ka na, girl,*" patuloy nitong



tudyo. *"Be adventurous, but be safe. And I mean both your health and your emotional state. Dapat may solid barrier sa pagitan ng puso at puday. Magkahiwalay 'yan."*

Lecheng Walter iyon. Hindi pa ito na lang ang lumandi para sa kanya.

Pero may sense naman ang sinasabi nito. She was of age. Old enough to break rules na ni minsan hindi niya inisip na labagin sa kabila ng mga nakaraang relasyon niya, na naging pisikal na rin kahit paano. Her virginity was still intact at ngayon niya lang seryosohang pinag-iisipan na isuko dahil gusto niyang madama kung paano makapiling at makaniig ang lalaking kaharap.

Kung doon sila dadalhin ng pagkakataon, sino ba siya para tumanggi? Wala naman siyang pagpapanggap na isa siyang dalagang Pilipinang huwaran ng makalumang panahon. She was a modern woman. Open to possibilities. Pero maingat.

Kinandaduhan ni Georgianna ang puso at saka binalot iyon nang ilang layers ng yelo. Sinimulan niyang kondisyunin ang utak na mag-enjoy lang at huwag maghanap ng masyadong malalim na pakikipag-ugnayan. Saka niya ginawa ang inuudyok ng kanyang budhi para mag-adventure.

One corner of her lip lifted her mouth in a sensual curve. Pinalamlam niya ang mga mata at siniguradong mababa ang tono ng boses nang sabihin niyang, "Well? Are you joining me?"

Hinila nito ang upuan sa harapan niya. "Sure."